



ANTONI GAUDÍ I CORNET

Arkitekto ng Diyos
(1852 – 1926)

ANTONI GAUDÍ I CORNET ipinanganak noong ika 25 ng Hunyo 1852. Mula pagkabata pinag-aralan na nya ang nilalaman at hugis ng mga bagay-bagay sa lugar pagawaan ng pandayan ng kanyang ama sa Reus. Sa bahay bakasyunan nila sa Riudoms sa Baix Camp, nabighani ang kanyang mga matang bughaw sa kagandahan ng imahen ng kalikasan, ang kanyang mahalagang guro. Natapos nya ang kanyang pag-aaral sa Mataas na Paaralan ng mga Escolapios sa Reus, kumuha ng kurso ng arkitektura, ang bagay na kinahuhumalingan nya sa buhay, sa iskwelahan sa Barcelona. Noong 1883, natanggap nya ang trabaho sa Sagrada Familia, at sinimulan itong gawin ng unti-unti. Sa loob ng apatnapu't-tatlong taon ng pagtatrabaho, lalo na sa huling sampung taon ng kanyang buhay na kung saan ito ay pinagtuunan nya ng dedikasyon. Inilagay nya sa kanyang obra ang lahat ng kanyang lakas sa paglilingkod sa kaluwalhatian ng Diyos. Mula pa sa simula, ito ay nakilala na may relihiyosong layunin ng isang simbhang mapagtubos, na itinatag sa pamamagitan ng maka-Diyos na magtitinda ng aklat na si Josep M^a Bocabella at ng kanyang samahang Josefina.

Si Gaudí ay isang taong determinado at may malakas na katangian. Siya ay kumbinsido na kapag walang sakripisyo, imposibleng maisulong ang isang obra, kaya, ipinagkatiwala nya ang kanyang simpleng pamumuhay sa panalangin at pagsasawalang bahala sa mga bagay na makamundo. Minahal nya ang Liturhiya ng simbahan at naging deboto ng Birhen Maria at ng kanyang asawa na si San Jose, ng mga anghel at ng mga santo. Ang Pedrera ay itinayo bilang pagkilala sa Birhen ng Rosaryo. Ipinahayag ni Gaudi ang kanyang pagpagnais na mamatay na napapaligiran ng mga mahihirap at ang kanyang pagpagnais ay nagkatotoo, noong siya ay nabundol ng tranvia hindi siya nakilala at ng makita syang bihis mahirap, siya ay dinala sa ospital ng Sta. Cruz kung saan sya namatay noong ika-10 ng Hunyo 1926. Ang kanyang mga huling salita ay "Amen, Diyos ko, Diyos ko!" Ang kanyang puntod ay nasa kripta ng Templo.

PANALANGIN PARA SA PRIBADONG DEBOSYON

Diyos aming Ama, na siyang nagbigay sa iyong lingkod na si Antoni Gaudi, arkitekto, ng dakilang pag-ibig sa iyong sangkalikasan at ng buong sigasig na tularan ang mga misteryo ng pagkabata at pagpapakasakit ng inyong Anak; pahintulutan Mo sana sa pamamagitan ng biyaya ng Banal na Espiritu Santo, ipinagkatiwala Mo sa akin ang mahusay na gawain at pagindapatin Mong luwalhatiin ang iyong lingkod na si Antoni, sa pamamagitan ng pagkakaloob, sa ngalan niya, ang aking hiling... (*petisyon*) sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon. Amen.

Hesus, Maria at Jose, bigyan nyo po kami ng kapayapaan at pangalagaan ang aming pamilya. (*3beses*)

Para sa mga nakatanggap ng mga biyaya at nais magbigay ng donasyon at tumanggap ng mga estampita ay maaaring magsadya sa Samahan para sa Beatipikasyon ni **Antoni Gaudí sa Apartado Correos 24094, 08080 Barcelona.**

Ang samahan na ito ay naiiba at hiwalay sa iba pang mga samahang Gaudi at sa Lupon ng mga pagawain ng Templo. May pahintulot ang simbahan. Alinsunod sa atas ni Papa Urbano VIII, ipinahahayag namin na walang intensyon na pangunahan ang kaalaman ng Awtoridad ng simbahan at ang panalangin na ito ay walang kaugnayan sa anumang pampublikong pagsamba.